CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 9, 2020
Pakikipag-ugnay: Alejandra (Alex) Basquez, Direktor, Kagawaran ng Human Resources, 562.570.6140, Alex.Basquez@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Direktor ng Public Works Craig Beck ay Magreretiro

Inihayag ngayon ng Lungsod ng Long Beach ang pagreretiro ng Public Works Direktor na si Craig Beck.Sumali si Beck sa Lungsod halos 34 taon nang nakalipas, noong Hulyo, 8, 1986.

“Ang pamana ni Craig ay nasa paligid natin sa lungsod na ito, mula sa aming modernong Civic Center hanggang sa mga bagong pag-unlad sa buong Long Beach at aming pag-unlad sa karagatan,” sabi ng City Manager na si Tom Modica.

“Nagpapasalamat kami sa pasyon ni Craig na maglingkod at para sa mga makabagong pagbabago na naihatid niya sa komunidad ng Long Beach.”

Ang unang trabaho ni Beck sa Lungsod ay isang Communications Dispatser sa Kagawaran ng Apoy na sumasagot sa 9-1-1 na mga tawag. Pagkatapos ay lumipat siya sa Community Development, naghahatid ng mga serbisyo sa mga residenteng mababa ang kita at sumusuporta sa mga non-profit na organisasyon pagkatapos ng 1992 Kaguluhan sa Sibil sa Long Beach. Nang maglaon, pinangasiwaan ni Beck ang pondo ng Community Development Block Grant ng Lungsod at ang $40M na pautang na natanggap ng Lungsod para sa pagbuo ng Queensway Bay at The Pike. Pinangasiwaan ni Beck ang badyet ng Community Development at kalaunan ay ipinatupad ang pagbili ng maraming piraso ng pag-aari na naging bahagi ng pag-unlad ng kasalukuyan at hinaharap ng Lungsod.

Bilang Direktor ng Development Services, si Beck ay nakipag-ayos ng Long Beach Courthouse at mga deal sa lupain sa City Hall, at sa huli nai-secure ang kanilang pag-unlad sa hinaharap. Habang nasa Long Beach Gas at Oil Department, na ngayon ay Energy Resources, siya ay naging instrumento sa pagdagdag ng teknolohiya at pagpapatupad ng Awtomatikong Pagbasa ng Metro. Bilang Direktor ng Public Works, nilikha ni Beck ang isang kultura ng paghahatid ng serbisyo na nakatuon sa kustomer. Nagsilbi rin siya bilang Direktor ng Proyekto para Civic Center, na kinabibilangan ng bagong ng City Hall, gusali ng Port Administration, at Billie Jean King Main Library.

“Sa aking karera ako ay nagkaroon ng pribilehiyo na magtrabaho kasama ang maraming mga taong may talento at motibasyon, araw-araw, naglalagay ng kanilang lakas sa paggawa ng Long Beach na isang mas mahusay na lugar upang manirahan, magtrabaho, at maglaro.” sabi ni Beck. “Tinuruan nila ako, pinayuhan ako, at binigyan ng inspirasyon na sundin ang kanilang pamantayan sa pag-aalay. Mamimiss ko ang karanasan ng pagiging bahagi ng grupo ng pamumuno ng Lungsod, ngunit tiwala din ko sa mga kapansin-pansin na mga tao na nagtatrabaho araw araw upang gawing mahusay na Lungsod ang Long Beach.”

Ang huling araw ni Beck sa Lungsod ay sa Hulyo 7, 2020. Ang Manager ng Lungsod ay magsasagawa ng panloob na pangangalap para sa susunod na Direktor ng Public Works at inaasahan na ipahayag ang bagong Direktor ng Public Works bago ang pagretiro ni Beck.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach
Tahanan ng humigit-kumulang na 480,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbosyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Recreation at Marine, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 170 parke, milya ng mga beach, mga marina, landas ng bisikleta, at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram, at YouTube.